# Pagkilala sa Simile

Isulat sa patlang ang titik **S** kung simili o titik **X** kung hindi simile ang isinasaad sa pangungusap.

_______ 1. Animo bahay ang laki ng tambak na basura sa Smokey Mountain.

_______ 2. Ang mga ina ay ilaw ng kanilang mga tahanan.

_______ 3. Habang siya'y nasa bilangguan, si Ricardoay isang agila na pinutulan ng mga pakpak.

_______ 4. Animo'y gatas sa kaputian ang mga ngipin ni Diana.

_______ 5. Ang yakap nina Nanay at Tatay ay akingkumot sa gabi.

_______ 6. Ang mga manggagawa sa pabrika ay kasinsipag ng mga langgam.

_______ 7. Mala-porselana ang kutis ng mga dalaga.

_______ 8. Higante si Marlon kapag itinabi mo siydkay Marco.

_______ 9. Parang palaka kung tumalon ang batang malusog at maliksi. _

_______ 10. Simbilis ng hangin kung kumalat ang tsismis sa bayan natin.

_______ 11. Dati-rati ay maraming bata sa tahananni Ginang Candelaria ngunit ito ngayon ay isang bahay na walang laman.

_______ 12. Kasing-bango ng mga bulaklak ang damitmo.

LIVEWORKSHEETS